

Huwag mong tanggihan ang paraan ng kaligtasan

Roma 2:4 ...hinahamak mo ang mga kayamanan ng kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod, na hindi mo nalalaman na ang kabutihan ng Diyos ay siyang umaakay sa iyo sa pagsisisi?


Tanggapin mo Siya ngayon bilang iyong Tagapagligtas!

Kung ang babasahing ito ay nakatulong sa iyo upang sumampalataya kay Cristo bilang iyong sariling Tagapagligtas, mangyaring sumulat ka at ipaalam ito sa amin upang kami naman ay magalak na kasama mo.



P.O. BOX 609 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535
WWW.HOPETRACTS.ORG
The Romans' Map To Heaven (Tagalog) Tract 515

**ANG MAPA SA AKLAT NG
ROMA
PATUNGO SA LANGIT**



Naiiba ang aklat ng Roma sapagkat higit na maliwanag ang pagkakapahayag ng daan patungo sa langit sa aklat na ito kaysa sa ibang aklat ng Biblia. Madalas na tinatawag itong Mapa Patungo sa Langit.

Sino ang mabuti?

Roma 3:10-12 Ito ay ayun sa nasusulat: Walang sinumang matuwid, wala kahit isa. Walang sinumang nakakaunawa, walang sinumang humahanap sa Diyos. Ang lahat ay lumihis ng daan, sama-sama silang naging walang pakinabang. Walang sinumang gum agawa ng mabuti, wala kahit isa.

Sino ang nagkasala?

Roma 3:23 Ito ay sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang kabayaran ng kasalanan

Roma 6:23a Ito ay sapagkat ang kabayaran nga ng kasalanan ay kamatayan... Roma 1:18a Nagayon, nahayag mula sa langit ang galit ng Diyos laban sa lahat ng kawalang pagkilala sa Diyos...

Wala kang magagawa upang iligtas ang iyong sarili

Roma 3:20a Kaya nga, sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan walang taong mapapaging-matuwid sa harapan niya... Roma 3:27 Saan pa makapagmamalaki? Wala na. Sa pamamagitan ng anong kautusan? Sa pamamagitan ba ng mga gawa? Hindi, kundi sa pamamagitan ng kautusan ng pananampalataya.

Nagkaroon ng daan dahil sa pag-ibig ng Diyos.

Roma 5:8-9 Ngunit ipinakita ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin na ng tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin. Roma 6:9 Nalalaman nating si Cristo na nabuhay na mag-uli sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang ka mataya'y hindi naghahari sa kaniya.

Ilagak mo ang iyong pananampalataya kay Jesu-Cristo

Roma 3:22 Ang katuwirang ito ng Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Ito ay para sa lahat at sa kanilang lahat na sumasampalataya dahil walang pagkakaiba. Roma 3:28 Kaya, kinikilala natin na ang tao ay pinapaging-matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, hiwalay sa mga gawa ng kautusan."

Maniwala na Siya lamang ang makapagliligtas sa iyo

Roma 4:21 Lubos siyang nakakatiyak na magagawa ng Diyos ang kaniyang ipinangako.

Tumawag sa Kanyang pangalan

Roma 10:9 Ipahayag mong si Jesus ay Panginoon at sampalatayanan mo sa iyong puso na binuhay siyang mag-uli ng Diyos. Kapag ginawa mo ito, ikaw ay maliligtas. Roma 10:13 Ito ay sapagkat: Ang bawat isang tatawag sa pangalan ng